Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pang-uri (Mga Sagot)

Isulat ang mga titik **PL** kung ang pang-uri na may salungguhit ay **pang-uring panlarawan**, **PM** kung ito ay **pang-uring pamilang**, at **PT** kung ito ay **pang-uring pantangi**.

_PT_ 1. Isa sa kanyang mga paboritong pagkain ang empanadang <u>Ilocos</u>.

_PM_ 2. Kailangan ko ng <u>kalahating</u> kilong manok para sa lulutuin ko na tinola.

_PM_ 3. Ito ang <u>unang</u> pagsusulit namin sa paaralan.

_PL_ 4. Isinabit niya sa imahen ang kuwintas ng <u>mabangong</u> sampaguita.

_PM_ 5. <u>Libu-libong</u> tao ang dumayo sa Lungsod ng Naga para sa Pista ng Peñafrancia.

_PT_ 6. May dugong <u>Tsino</u> ang mag-anak na Tan.

_PL_ 7. Hinaplos niya ang <u>malambot</u> na balahibo ng Lhasa Apso.

_PT_ 8. Maraming alam tungkol sa lutuing <u>Pilipino</u> ang tita ni Emily.

_PL_ 9. Kumain na tayo habang <u>mainit</u> pa ang pagkain.

_PM_ 10. Bukas ang <u>ikawalong</u> anibersaryo nina Benjamin at Becky.

_PT_ 11. Biyaheng <u>Cebu</u> ang malaking barko na iyon.

_PL_ 12. Tumulong kami sa paggawa ng <u>makulay</u> na saranggola.

_PL_ 13. Narinig mo ba ang <u>malakas</u> na tunog ng sirena ng ambulansya?

_PT_ 14. Malakas ang impluwensiya ng kulturang <u>Amerikano</u> sa kabataan natin.

_PT_ 15. Sila ay mga kasapi ng isang samahang <u>Kristiyano</u>.

© 2013 Pia Noche